# JOY B, PRAYORIDAD ANG PAG-ANGAT NG KALIDAD NG EDUKASYON SA QC

Prayoridad ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na palakasin ang kalidad ng edukasyon sa lungsod kaysa sa pagtutok sa paglalaan ng sapatos at uniporme sa mga mag-aaral.

Ayon kay Belmonte, mas mahalaga na kalidad ng edukasyon ang prayoridad na tupdin ng isang mayor kaysa sa uniporme at sapatos dahil ito ang mas kailangan ng mga mag-aaral.

"Hindi naman istrikto ang DepEd sa uniporme at sapatos pero para sa akin sa halip na sapatos at uniform pero bagsak naman ang anak mo sa pag-aaral so para sa akin kailangan lamang na maiangat ang kalidad ng edukasyon para magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsusulat at pagbasa na mas importante", pahayag ni Belmonte.

Kaugnay nito, binigyang diin din ni Belmonte na marami ng mga batas sa QC na higit na mapapakinabangan ng mga taga lungsod pero may ilan anya ang hindi naiimplementa ng husto para sa kapakanan ng nakararaming mamamayan.

"Sinimulan ko na ang pag-implement sa ilang mga batas ngayong ako ay Vice Mayor at para may continuity ay dapat itong gawin ng isang Mayor", sabi pa ni Belmonte.

Si Belmonte ay tumatakbong mayor ng QC sa ilalim ng Serbisyo sa Bayan party kasama si Councilor Gian Sotto bilang vice mayoralty bet. ***-Angie dela Cruz-***